Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

June 20, 1978

MEC M E M O R A N D U M
No. 171, s. 1978

ON-THE-SPOT ESSAY WRITING CONTEST

To: Bureau Directors
Regional Directors
Coordinator, State Colleges and Universities
Schools Superintendents
Heads of Private Schools, Colleges and Universities

1. The Ministry of Education and Culture and the Central Bank of the Philippines are jointly conducting a nationwide on-the-spot essay writing contest in connection with the 1978 Nationwide Credit Consciousness Campaign, programmed by the National Commission on Countryside Credit and Collection. The subject of the on-the-spot essay writing contest is "Credit Consciousness and the Filipino." All high school students throughout the country are invited to participate in the contest.

2. The objective of the contest is to develop an awareness of the value of credit and to bring to the attention of the small farmers, merchants and producers the availability of credit so that they can improve their quality of life, and to encourage students to use their creative talents in writing, both in Pilipino and English.

3. Inclosed are the guidelines for the contest. It is desired that division contest committees be formed immediately to plan the details of the on-the-spot essay writing contest in accordance with the guidelines and to give wide publicity to the contest among high school students.

4. It is desired that immediate and wide dissemination of this MEC Memorandum be made for the guidance of all concerned.

(SGD.) JUAN L. MANUEL
Minister of Education and Culture

Incl.:
As stated

Reference:
N o n e

Allotment: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)

To be indicated in the Perpetual Index under the following subjects:

CONTESTS OFFICIALS STUDENTS

(Inclosure to MEC Memorandum No. 171, s. 1978)

RULES GOVERNING THE ON-THE-SPOT
ESSAY WRITING CONTEST

1. The contest is open to all bona-fide students of public and private high schools with complete four-year courses, including those from the vocational schools, state colleges and universities. Each high school shall select only one (1) representative to the division level contest. A certificate of enrolment and attendance, duly signed by the school head, accompanied by an ID picture of the contestant shall be submitted to the contest committee.

2. All contestants shall report personally and participate in the contest at a time and place designated by the contest committee, which shall be composed of the division superintendent as chairman, one Pilipino supervisor and one English supervisor, as members any day between September 15 and 30, 1978.

3. Contestants shall be furnished basic reading materials on the theme. However, they are enjoined to supplement their knowledge on the subject by researches and by reading other materials related to credit and the responsible use thereof.

4. Entries shall be in Pilipino or English and must be written legibly in ink or ballpen on white ruled paper.

5. The essay writing shall last for not more than three hours.

6. The essay shall not be less than 300 words but not more than 500 words.

7. The topic for the essay will be selected by the contest committee. Any topic that is related to the theme of the contest will be considered. The essay topic shall be announced by the contest committee at 8:00 A.M., one hour before the start of the contest.

8. The winning entry in each school division shall be sent to the respective regional centers from which the regional winners shall be chosen, any time between October 15 and 30, 1978.

9. The 1st, 2nd and 3rd prize national winners shall be selected from among the regional winning entries on Tuesday, December 5, 1978.

10. Prizes for each of the winners are as follows:

Division level - ₱500 plus certificate
Regional level - 800

National level:

| | |
|---|---|
| First Prize | - ₱5,000 plus laminated plaque |
| Second Prize | - 3,000 plus laminated plaque |
| Third Prize | - 2,000 plus laminated plaque |

The national winners shall be proclaimed in Manila with appropriate ceremonies. The 1st, 2nd and 3rd prize winners, together with one chaperon each, shall be entitled to allowances of ₱250 each and actual transportation expenses. A trophy shall be awarded to the school where the first prize national winner is enrolled.

11. The panel of judges shall be composed of the following:

a. Division level:

Chairman : Division superintendent
Members : One supervisor of Pilipino
One supervisor of English

b. Regional level:

Chairman : Regional director
Members : Three regional supervisors

c. National Level:

Chairman : Central Bank of the Philippines-Committee for Countryside Credit and Collection
Members: : Two representatives from the MEC

12. All entries for the national contest must be submitted to:

Mr. Mario G. Vicente
Executive Secretary, CB-CCCC
DRBSLA, Central Bank of the Philippines, Manila

Kamalayan sa Utang at ang Pilipino

## "MAGBAYAD ANG MAY UTANG"

Ito ang naging islogan sa pagtataguyod ng kamalayan o pagpapahalaga sa utang nitong nakaraang taon. Ang kilusan sa "Taon ng Kamalayan sa Utang" (Octubre 1976 hanggang Octubre 1977) ay naglalayong mabago ang mga saloobin at ugaling taglay na ng ilang dantaon na sumira sa pagpapahalaga ng Pilipino sa kanyang pananagutan sa mga pangungutang.

Sa mga naunang Pilipino at mga ninuno nilang Malay, ang katapatan sa pagbabayad ng utang, sa mga bagay na may kinalaman sa salapi at iba pang transaksiyon ay isang kinamihasahang pamumuhay.

Natala sa kasaysayang Intsik noong unang panahon, halimbawa, ang mga salaysay ng pakikipagkalakalan ng mga negosyanteng Intsik sa mga katutubo ng Mail (maaaring Mindoro) na nagpapatunay sa pananagutan at katapatan ng ating mga ninuno. Iiwan ng mga negosyanteng Intsik ang kanilang kalakal sa mga katutubo at babalikan na lamang ang bayad (sa ginto o ibang kalakal) pagkaraan ng tatlong buwan.

May mga palatandaan din na hindi sinasang-ayunan ng matandang batas Bornean and dipagbabayad ng utang. Halimbawa, nasasaad sa Batas ni Kalantiyaw - na pinagtatalunan ng mga Mananalaysay ang katotohanan - :

"II. Sundin mo. Bayaran sa oras ang lahat ng iyong pagkakautang sa mga <u>principales</u>. Ang sumuway ay parurusahan ng isandaang hagupit sa unang pagkakasala. Kung malaki ang pagkakautang, siya ay hahatulang mamatay sa palo."

### Mga Unang Nanirahan

Hindi pinag-uusapan kung ang mga unang nanirahan sa kapuluan ay may pananagutang likas o gawa lamang ng marahas na batas. Hindi man tiyak, nagsimula na ang tradisyong kamalayan sa utang.

Naimpluwensiyahan din ng pagpapahalaga ng Pilipino sa kahihiyan ang mga likas na kaasalan sa pangungutang. Sa pangambang madungisan ang kanilang magandang pangalan ng isang napakawalang kabuluhang pagkukulang, mamabutihin pa ng mga Pilipino noon at ngayon ang maagap na pagbabayad ng utang.

Sinimulan ng mga Kastila ang isang kaugnay na konsepto: Ang <u>palabra de honor</u>. Itinuturing na kahiya-hiya ang hindi pagtupad sa ipinangako. At ang pagkakautang ay mga pangakong hindi dapat kalimutan. Kakabit ng hiya, madaling naipaunawa sa lahat ang pagpapahalaga sa dangal ng pangako. Ang mayaman at mahirap ay tumupad sa kanilang pananagutan, salapi o iba pa.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

*Isinalin sa wikang Pilipino ng CENTRAL BANK COMMITEE FOR COUNTRYSIDE CREDIT AND COLLECTION mula sa artikulo ni Reuben Tanyco na pinamagatang "Credit Consciousness and the Filipino" na nalathala sa Expressweek noong ika-8 ng Disyembre, 1977.*

Ang panahon ng Kastila ang nakasaksi sa pagtatatag ng sistema sa pangungutang sa Pilipinas. Noong 1754, ang mga obras pias - na tinustusan ng mga deboto at mayayamang Katoliko - ay nagsimulang magpautang na sinasagutan ng mga lupain at tustusan ang kalakalang Galyon (Galleon Trade). Matagal ding lumago ito bilang pinakamatatag na bangko dahil sa lumalawak na negosyong pinalakas ng napakaunlad na pakikipagkalakalan sa Acapulco, Tsina at Hapon. Gayon pa man, ang mga obras pias ay sumisingil ng napakataas na interes at di-pantay ang pakikitungo sa mga Pilipino sa pagpapautang.

Ang Bank of the Philippine Islands, ang Hongkong and Shanghai Banking Corporation, at ang Monte de Piedad and Savings Bank, bukod sa iba pa, ay itinatag noong panahon ng Kastila. Ang pananatili hanggang sa ngayon ng mga bangkong ito ay palatandaan ng katatagan ng pangkalahatang kalagayan sa pagpapautang sa Pilipinas.

Balintuna, gayunman, na ang bagong pamahalaan at kaayusang panlipunang pinairal ng mga Kastila ang pinagbinhian ng salungat na pagtingin sa pananagutan. Yaon lamang nabibilang sa mataas na antas ng lipunan at mga cacique ang may tunay na karapatan at pribilehiyo. Ang ibang mamamayan ay higit na maraming tungkulin at pananagutan kaysa masasabing karapatan. Bunga nito, itinangi nila ang ano mang kaunting karapatang taglay nila at kinasuklaman ang ano mang uring pananagutan. Sumilang si "Juan Tamad". Kaugnay na bunga nito ang lalong paglayo ng damdamin ng mamamayan sa pamahalaan. Ang ganitong di-kanais-nais subalit di-maiiwasang ayos ng pakikitungo ay higit na magiging masalimuot sa darating na panahon.

Sinubukan ng mga kolonyalista mula sa Estados Unidos ang sistema ng pagpapautang sa Amerika - pati mga pagkukulang - sa kalagayan ng Pilipinas.

Noong 1907, nagtayo ng isang bangkong pansakahan upang makatugon sa kakulangan ng sapat na mauutangan na tulustos sa pangangailangang salapi ng mga nangungutang na taganayon. Sa kabila ng mga insentibo at marangal na hangaring mapaunlad ang kabuhayang pansakahan, hindi nagkaroon ng sapat na kliyente ang bangko. Nang panahong ito, ipinapalagay ng mga Pilipino na magkaugnay ang utang at buwis at matindi ang salungat na damdamin laban sa pamahalaan at maging laban sa Amerikano. Ang Rural Credit Law, ay isinabatas ng Philippine Commission noong 1915, na nagtatatag ng samahang kooperatiba sa pagpapautang na pansakahan sa bawat bayan. Ang mga samahang ito ay nangilak ng pondo sa pamamagitan ng mga suskrisyong binayaran ng mga kasapi, nagpautang sa mga kasapi na iuukol sa pagsasaka at sinikap na itanim sa isip ang mga ugaling pagtitipid at maagap na pagbabayad ng utang. Sa kasamaang palad, bumagsak ang mga kooperatibang ito sa iba't ibang kadahilanan: Masamang pangangasiwa, di-sapat na pagkaunawa sa mga tunguhin at layunin ng mga samahan sa pagpapautang na pansakahan, di-wastong paggamit ng inutang, may kakulangang mga panagot, di-hustong pangangasiwa, pagmamalabis ng mga pinunong bayan, at paglustay o maling paggugol dahil sa kawalan ng mga pangangalagang legal.

Ang Unang Digmaang Pandaigdig ay nagkaroon ng di-tuwirang epekto sa kabuhayan ng Pilipinas. Dinagdagan nito ang pangangailangan sa mga pangunahing iniluluwas ng bansa: Asukal, kopra, langis ng niyog, abaka at tabako. Upang samantalahin ito, ang Philippine National Bank ay itinatag noong 1916 bilang isang tagapamuhunan ng sektor pansakahan, lalung na ng industriya ng asukal. Gayunman ay malinaw na ang PNB ay itinalaga upang itaguyod ang malalaking negosyo - na siyang tinutungo ng asukal - at hindi ang maliliit na magsasaka.

## Mga Sentrong Kalakalan

Sa pagiago ng maraming negosyo sa bansa, nagbukas ang mga bagong bangkong local at dayuhan samantalang ang mga dati nang bangko ay nagbukas ng sangay sa mga pangunahing sentrong kalakalan gaya ng Iloilo, Cebu at Zamboanga. Gaya ng PNB, binigyang-una ng mga bangkong ito ang kakayahang magbayad ng kanilang mga kliyente - pakinabang agad - sa halip na ang pangangailangan. Kaya ang mga negosyo at industriya lamang ang tunay na nakikinabang sa pautang ng bangko; ang magsasaka at negosyanteng taganayon ay may pangangailangan - subalit wala silang panagot.

Noong 1931, ang Lehislatura ng Pilipinas ay nagpalabas ng dalawang Batas na nagtatadhana sa pagtatatag ng sampung samahan sa pagpapautang ng pansakahan sa buong kapuluan at ng maliliit na bangko rural na tutustusan ng pribadong sektor subalit pangangasiwaan ng PNB. Pitong samahan at dalawang bangko rural lamang ang talagang natatag. Walang tumagal sa mga ito.

Bumagsak ang isa pang malaking pagsisikap na maiwasto ang di-pantay na paraan ng pagpapautang. Bakit? Ang mga utang ay hindi nababayaran. Unang-una, hindi pa nabalangkas ang isang pamamaraan upang magkaroon ng matatag na kita ang magsasaka. Ang magsasaka ay patuloy na umaasa sa mayari ng lupa at sa pabagu-bagong kalagayan ng panahon. Pangalawa, ipinapalagay ng maraming magsasaka na ang mga pautang ng bangko ay kawanggawa ng pamahalaan. Hadlang ang kaisipang ito sa bawat pagsisikap na makapagtatag ng isang sistema sa pagpapautang na rural.

Noon 1935, itinatag ng Lehislatura ng Komonwelt ang <u>Agricultural and Industrial Bank</u>. Ang bangko - na itinatag noong 1939 - ay nagkakaloob sa karamihan ng pangmadaliang panahong pautang sa paraang pautang sa pananim (crop loans). Sa kasamaang-palad, lumaon ay itinalaga na lamang ng bangko na kalugihan ang ganitong mga pautang sa <u>kurap</u> - nabuo ang bansag na ito sapagkat karamihan sa binigyan ng pautang sa pananim ay hindi na nagpakita pagkaraang makuha ang kanilang pera. Gayunman ay hindi malinaw kung ang kasamaang-palad ng pautang na salapi ukol sa mga palagiang pananim ay sanhi ng mga pinsala ng kalikasan, di-pagbabayad ng magsasaka, kabiguan sa paniningil, o pagkakasama ng mga ito.

Ang buong bansa ay <u>winasak</u> ng Pangalawang Digmaang Pandaigdig, na nagdulot ng malaking pangangailangang makautang ukol sa pagpapaunlad na pansakahan at pang-industriya at ukol sa pabahay. <u>Kaya ang Rehabilitation Finance Corporation</u> (lumao'y <u>Development Bank of the Philippines</u>) ay itinatag noong Oktubre 1946 "upang magbigay ng pautang ukol sa rehabilitasyon ng pagsasaka, komersiyo at industriya, sa pagtalayong muli ng mga ari-ariang pininsala ng digmaan, at sa pagpapalago at pagpapalawak ng kabuhayang bansa."

Nagsagawa ng mga pangunahing pagbabago noong 1948 sa sistema ng pananalapi at pagbabangko sa pamamagitan ng pagpapatibay ng <u>Central Bank Act</u> at ng <u>General Banking Law</u>. Itinatag ang Bangko Sentral at pinasimulan ang isang higit na naaangkop na sistema sa pananalapi. Sa ilalim ng pangangasiwa ng Bangko Sentral, pinahintulutang magbukas ang iba't ibang bangko sa pagiimpok, komersiyal at iba pang pantanging gawain at pinarami ang mga sangay at ahensiya ng mga dati nang bangko.

## Maliliit na Magsasaka

Noong 1952, pinagtibay ang dalawang pangunahing batas - Batas Republika Blg. 720, na nagtatadhana sa pagtatatag ng mga bangko rural at Batas Republika Blg. 821 na lumilikha sa Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration.

Nilalayon ng ACCFA na "matulungan ang maliliit na magsasaka na mabigyan ng maluwang na pautang at itaguyod ang mabisang pagbubuklod ng mga magsasaka sa mga samahang kooperatiba upang maayos nilang maipagbili ang kanilang mga inani sa pagsasaka nang maipantay sa ibang industriya ang kabuhayan sa pagsasaka." Itinaguyod nito ang pagtatatag ng Farmers' Cooperative Marketing Associations at pinagkalooban ng maluwag na pautang ang mga magsasaka. Napilitang buwagin ang ACCFA Noong 1958 dahilan sa kawalan ng kakayahang singilin ang mga magsasakang may-utang. (Ang mga tungkulin ng ACCFA ay nalipat sa Agricultural Credit Administration (ACA).

Itinakda ng Rural Banks Act - B.R. 720 - ang mga batayan ukol sa isang sapat at makatutugong sistema ng pagpapautang na panignayon. Pinalitan ng mga bangko rural ang kinagawiang - kadalasa'y labis magpatubo - utangan ukol sa pagsasaka at iba pang pamumuhunan sa nayon.

Hinikayat ang paglago ng mga bangkong pampamayanan. Ang pamahalaan ay bumili ng mga saping puhunan ng bangko rural, subalit hinayaan ang pangangasiwa sa mga pribadong istakholder. Nagbigay ng mga tulong na teknikal at pagpapayo sa mga magsasaka at tumulong sa pagbabayad ng halaga ng interes.

Mula 1952 hanggang 1962, ang tulong na salapi ng Bangko Sentral ay binubuo higit sa lahat ng katumbas na tulong ng pamahalaan sa pribadong puhunan subalit limitado sa takdang rediskuwento ng Bangko Sentral.

Gayunman, karamihan sa mga pautang ay ginamit sa mga pakay na di pakikinabangan. Higit na binibigyang-halaga ng mga bangko ang panagot sa utang kaysa pakikinabangang proyekto. Ang mga magsasaka ay kulang sa kaalamang at paraan ng pagpaplano. Pinasimulan ang pinangasiwaang sistema ng pagpapautang upang malunasan ang kalagayan.

Noong Agosto 1971, nagbunsod ng isang kilusan ukol sa pagtatatag ng mga bangko rural na nauukol sa pamayanan na may panglatang pakikisosyo na limitado sa 35 porsiyento ng kabuuang sapi ng bangko. Ang pagtatatag ng isang bagong kaayusang panlipunan noong Septyembre 21, 1972 ay nagdulot ng dagdag na limitasyon sa pagmamay-ari ng sapi sa mga bangko. Ang Presidential Decree 584, halimbawa, ay nagtatadhana ng pagkakaroon ng sosyo ng maliliit na magsasaka sa mga bangko rural sa pamamagitan ng pag-uubliga sa mga bangko rural ng tanggapin ang alok na pamumuhaunan ng mga kasapi sa Samahang Nayon.

Hinikayat din ang pagtatatag ng mga kooperatibang bangko rural bilang isang paraan ng pagdaragdag sa kakayahang kumita at mamili ng mga taganayong mababaha ang kita.

Ang mga pamiminsala ng kalikasan noong 1972 ay naging sanhi ng kakapusan sa pangunahing pananim, kaya't napilitang umangkat ng bigas ang bansa. Sa kawalan ng maangkat mula sa Bangkok at di-sapat na angkat mula sa China, Brazil, at Italy na makatutugon sa kagipitan, ang Pilipinas ay napilitang magbunsod ng isang puspusang program noong 1973 ukol sa kaligtasang pambansa: ang Masagana 99 Rice Production Program.

Hinikayat ang mga magsasaka na madagdagan ang kanilang ani sa pamamagitan ng sapat

at napapanahong pag-utang na makukuha sa mga kondisyong natatangi sa kanila. Sapagkat hindi makakayanang tugunan ng mga bangko rural ang lahat ng pag-utang, hiniling ng pamahalaan sa Bangko Sentral na luwagan ang mga patakaran nito sa pagpapautang. Ang Bangko Sentral ay nagbigay ng tulong na salapi sa mga bangko rural upang matugunan ang kakailangaaning pag-utang sa programang Masagana 99. Ang PNB ay tumugon sa pangangailangang mailapit sa angaw-angaw na magsasaka ang pagpapautang na may kasamang teknolohiya sa pamamagitan ng pagbubunsod ng "banks on wheels". Ang mga pangkat na nakalulan sa mga sasakyan ay nagkakaloob ng paglilingkod sa pag-iimpok at pag-utang sa mga taganayon.

Ang Land Bank of the Philippines - ang pangunahing tagatustos sa programa ng repormang pansakahan - ay nagkakaloob din ng tulong na pautang at pantekniko sa mga magsasaka. Matulungan silang lumakas ang ani at pumasok sa mga proyektong di-pansakahan na maaring pagkakitaan.

Ang Kagawaran ng Pamahalaang Lokal at Pagpapaunlad ng Pamayanan ay nagtatag ng Samahang Nayon upang matulungan ang mga magsasaka sa tulung-tulong na pagsisikap gayang Paseguruhang Kooperatiba (Cooperative Insurance System) - na sumasaklaw sa buhay, nagbibili ng ani, nagpapautang at umaayos din sa elektrisidad. Hindi malayo na ang mga nagkakaisang magsasakang ito ay maaring makapagtatag din ng sarili nilang bangko rural.

Ang sistema sa rural banking ay lumago mula sa isang bangko rural noong 1952 hanggang mahigit sa 800 bangko rural sa ngayon. Ang kabuuang kwenta ng kapital ng mga bangko rural ay lumago mula ₱2.1 milyon noong 1953 hanggang ₱498.7 milyon noong 1976. Gayunman, ang pagsulong ay may kaakibat na mga kakulangan at problema sa pangangasiwa. Ang di-mawalang problema ay ang mga atraso sa pagbabayad ng utang. Kung hindi malulunasan, ang problemang ito ang bibigo sa programa sa malakas na ani at mahihigpit na sistema ng bangko rural. Mayroon na ngayong isang pamamaraan ng "kauring pagbabayad" upang masiguro ang paniningil sa pautang at magkaroon ng pagdadalhan ng ani ang mga magsasakang may-utang.

Ang bilang ng mga bangko rural at naiibang paraan ng paniningil ay hindi makatitiyak sa mabisang sistema ng pagpapautang sa nayon. Malinaw sa kasaysayan na ang pangunahing problema ay nasasalalay sa mismong saloobin ng taumbayan tungkol sa utang. Marami ang nagtuturing pa rin na ang utang ay handog. Higit na marami ang hindi nakababatid ng pagkakaugnay ng maagap na pagbabayad ng utang - gaano man kaliit - at kaunlarang pambansa. Sa ibang salita, itinuturing nila ang mga bangko bilang mga kaha de yero lamang na ligtas na mapagtataguan ng kanilang salapi (na may interes bilang insentibo) at wala nang iba pa. Maliwanag na kailangang maikalat ang pangunahing kaalaman tungkol sa mga bangko at sa pag-utang. Ang sagot dito ay edukasyon.

Noong Abril 28, 1976, itinatag ng Pangulong Marcos ang National Commission Countryside Credit and Collection (NCCCC) upang balikatin ang tungkuling bumuo ng mga patakaran, hakbang at programa "upang palaganapin ang kamalayan sa utang sa mga nayon na magbubunga ng maayos na ugali at saloobin sa pagbabayad ng mga may-utang at pinag-ukulan ng pautang."

Kilusang Pangkabatiran

Ang Komisyon - na binubuo ng Gobernador ng Bangko Sentral, Kalihim ng Repormang Pansakahan, Kalihim ng Industriya, Kalihim ng Pagsasaka, Kalihim ng Edukasyon at Kultura, at Kali-

him ng Kabatirang Pangmadla - ay kaagad nagbunsod ng isang kilusang pangkabatiran tungkol sa kamalayan sa utang at naaayong paggamit ng utang sa mga nayon. Sa pamamagitan ng radyo, komiks, pahayagang panlalawigan at pambansa, pahayagan ng paaralan, telebisyon at maging sinehan, nasimulang baguhin ng Bangko Sentral at ng NCCCC ang saloobin ng mga taganayon at tagalungsod tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa utang. Ang kilusan ay ginawang opisyal ng Pangulo sa pamamagitan ng paghahayag sa Oktubre 1876 hanggang Oktubre 1977 bilang "Taon ng Kamalayan sa Utang."

Sa bahaging ito ay mahirap sukatin ang mga bunga ng isang kilusang pang-edukasyon. Maliwanag na matatagalan bago tanggapin ang mga wastong saloobin at pagsasagawa ng tamang kaasalan sa pag-utang. Gayunman ay nakagugulat ang malaking nadagdag sa kabuuang nasingil na pautang. Higit nang maraming magsasaka ang nagbabayad ng kanilang utang kaysa dati.

Bagamat malamang na ang pagtatagumpay ng sinimulang kilusan, ang pagsisikap na maitanim pa sa isipan ng taumbayan ang kamalayan sa utang ay tiyak na hindi nagbabawal. Gagamitin pa rin ang mga pamamaraan sa kilusan ng sinundang taon, at nagpaplano ng bagong mga paraan upang mapasigla ang interes sa kilusan. Magkakaroon ng mga paligsahan sa pagsulat ng sanaysay, timpalak sa pagtatalumpati at pagbigkas para sa mga estudyante, timpalak sa pagsulat ng islogan para sa taumbayan, at iba pang paligsahan. Ang pelikulang Tinimbang Ka, Bakit Husto, ay ipalalabas nang walang bayad sa mga liwasang-bayan sa buong bansa.

*Printed by: Printing & Duplicating Center*
*Office Services Group*
*CBP - Administrative Department*